

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS

Lunes, Abril 3, 2023



MAKIPAG-UGNAYAN KAY:

Karina Rivera, Alameda Alliance for Health

510-499-3419

krivera@alamedaalliance.org

ANG ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH AY MAGPAPASOK NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGA SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

Epektibo sa ^{ika}-1 ng Abril, Pangasiwaan ng Alameda Alliance for Health ang Mga Therapy sa Kalusugan ng Pag-iisip at Pag-uugali para sa mga Miyembro.

Alameda, CA – Ang Alameda Alliance for Health (Alliance), ang lokal na planong pangkalusugan na nangangasiwa sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa higit sa 350,000 residente ng Probinsya ng Alameda ay nag-annuncio ngayon na isinama nito ang lahat ng serbisyo sa kalusugan ng isip at mga therapy sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga miyembro ng Alliance Medi-Cal at Group Care. Sa halos nakalipas na 10 taon, ang Alliance ay nagtalaga ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa Beacon Health Options (Beacon) na nangangasiwa ng hindi labis at autism spectrum na mga serbisyo sa mga miyembro ng Medi-Cal ng Alliance at pinangangasiwaan ang isang buong hanay ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa Mga miyembro ng Group Care ng Alliance na may hindi matindi at malubhang sakit sa isip.

Ipinakikita ng pananaliksik na ang mga karamdaman sa kalusugan ng pag-uugali ay nauugnay sa hindi magandang resulta sa kalusugan. Natuklasan ng mga pambansang pag-aaral na ang mga indibidwal na may mga kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali ay nakakatanggap ng mas kaunting pangangalagang pang-iwas sa pisikal na kalusugan at mas mababang kalidad na pangangalaga. Sa pagsasanib na ito ng pangunahing pangangalagang pangkalusugan ng Alliance at pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali, ang mga miyembrong may mga kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali ay magkakaroon ng mas mahusay na pag-access sa mataas na kalidad na pangangalaga. Bukod pa rito, babawasan ng pagbabagong ito ang bilang ng mga touchpoint para sa mga miyembro at provider ng Alliance at magbibigay-daan sa planong pangkalusugan na mas mahusay na tulungan ang mga pasyente nang direkta at i-streamline ang pag-navigate ng mga serbisyo. Ang pagpasok ng mga kritikal na serbisyong ito ay tutulong din sa pangmatagalang pagsasama ng mga serbisyo sa pagitan ng Alliance at ng mga kasosyo sa safety-net ng Probinsya ng Alameda ng plano.

"Alam natin na ang isang malaking bahagi ng mga Amerikanong dumadanas ng mga sakit sa isip ay hindi nakakakuha ng paggamot kapag kailangan nila ito, at iyon ay isang malaking problema para sa kanilang pangkalahatang kapakanan," sabi ng CEO ng Alliance na si Scott. "Ang pagsasama-sama ng mahahalagang serbisyo na ito ay titiyakin na ang ating mga miyembro ay may mas mahusay na pag-access sa de-kalidad

na pangangalagang pangkalusugan sa pag-uugali na sa huli ay hahantong sa pinabuting mga resulta sa kalusugan."

Sa nakalipas na taon, nagsagawa ang Alliance ng dose-dosenang mga sesyon ng pakikinig kasama ang mga Ahensya ng Probinsya ng Alameda at mga organisasyong nakabatay sa komunidad. Nilinaw ng kanilang mga puna na ang pagpasok ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip ay magbabawas sa mga hadlang sa pangangalaga habang pinapabuti ang pagpapatuloy ng planong pangkalusugan ng mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan ng isip. Dagdag pa rito, higit nitong susuportahan ang buong mga kasanayan sa pag-aalaga ng tao sa parehong planong pangkalusugan at mga antas ng provider. Ang Alliance ay hinihikayat ng pagkakataong pagbutihin ang pag-access sa kalusugan ng isip at mga therapy sa kalusugan ng pag-uugali at mag-alok ng mas de-kalidad na pangangalaga at mas makatwirang mga resulta sa kalusugan para sa mga miyembro nito.

Para alamin pa tungkol sa Alliance, bisitahin kami sa <http://alamedaalliance.org/>.

###

Tungkol sa Alameda Alliance for Health

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal na pampublikong not-for-profit na planong pangkalusugan para sa pinapamahalaang pangangalaga na naglalayong gawing accessible at abot-kaya ang mga mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga residente ng County ng Alameda. Ang Alliance, na itinatag noong 1996, ay ginawa ng at para sa mga residente ng County ng Alameda. Sinasalaming ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba-iba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit sa 350,000 bata at nasa hustong gulang na may mababang kita sa pamamagitan ng mga programa ng Panggrupong Pangangalaga ng Medi-Cal at Alliance na accredited ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).